SUPERIOR COURT NG CALIFORNIA, COUNTY NG ALAMEDA

ANG TAUMBAYAN v. _____ KASO BLG.:_____

FORM NG ABISO SA MGA KARAPATAN, WAIVER, AT PLEA SA MISDEMEANOR

MGA TAGUBILIN: Punan ang form na ito kung guilty o no contest ang ipi-plead mo sa (mga) kaso laban sa iyo. **Lagyan ng inisyal ang bawat item** sa mga kahon sa kanan kung ganap mong nauunawaan at sinasang-ayunan ang kaukulang pahayag. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga karapatang isusuko mo o sa mga posibleng kahinatnan ng isang hatol, magtanong sa iyong abugado o sa hukom.

MGA KARAPATAN AT WAIVER AYON SA SALIGANG-BATAS

1. **Karapatan sa isang abugado:** Nauunawaan kong may karapatan ako na maikatawan ng isang abugado sa kabuuan ng mga paglilitis. Kung wala akong kakayahang mag-hire ng abugado, magtatalaga ang hukuman ng isa na kakatawan sa akin, na pamahalaan ang magbabayad. Nauunawaan kong may mga panganib at disadvantage ang pagsusuko ng aking karapatan sa isang abugado, at madalas ay hindi mainam na ikatawan ang sarili. [1]

   1a. Isinusuko ko ang aking karapatan sa isang abugado, at pinipili kong ikatawan ang aking sarili. (*Hindi naaangkop kung mayroon kang abugado.*) [1a]

2. **Karapatan sa paglilitis ng jury:** Nauunawaan ko na mayroon akong karapatan sa mabilis na pampublikong paglilitis ng jury. Sa pagdinig, ipagpapalagay na inosente ako, at hindi ako mahahatulan maliban na lang kung 12 walang kinikilingang juror ang makukumbinsing ako ay guilty nang walang makatuwirang alinlangan. [2]

   2a. Isinusuko ko ang aking karapatan sa paglilitis ng jury. [2a]

3. **Karapatang komprontahin ang mga saksi:** Nauunawaan ko na may karapatan akong komprontahin at i-cross examine ang lahat ng saksing tumetestigo laban sa akin. [3]

   3a. Isinusuko ko ang karapatang komprontahin at i-cross examine ang mga saksi. [3a]

4. **Karapatan laban sa pag-incriminate ng sarili:** Nauunawaan ko na may karapatan akong manahimik at hindi i-incriminate ang aking sarili, pero sa pag-plead ng guilty o no contest, o pag-amin sa mga nakaraang hatol o paglabag sa probation, ini-incriminate ko ang aking sarili. [4]

   4a. Isinusuko ko ang karapatan laban sa pag-incriminate ng sarili. [4a]

5. **Karapatang mag-produce ng ebidensya:** Nauunawaan kong may karapatan ako na magpresenta ng ebidensya sa sarili kong depensa sa paglilitis, at na hilingin sa hukuman na maglabas ng mga subpoena para magpapasok ng mga saksi at ebidensya sa hukuman na pabor sa akin. [5]

   5a. Isinusuko ko ang aking karapatan na magpresenta ng ebidensya sa sarili kong depensa. [5a]

6. (*Kung naaangkop*) Isinusuko ko ang aking karapatang masentensyahan at mapakitunguhan nang naaayon sa Proposisyon 36. [6]

7. **Karapatang mag-apela:** Isinusuko ko ang aking karapatang iapela ang hatol na ito, pati ang pag-apela ng pagtanggi sa anumang motion bago ang paglilitis. [7]

8. **Mga nakaraang hatol, enhancement, at paglabag sa probation:** (*Kung naaangkop*) Nauunawaan ko na mayroon ako ng lahat ng karapatang nakalista sa itaas para sa lahat ng kaso laban sa akin, pati para sa anumang nakaraang hatol at paglabag sa probation. Gayunpaman, para sa kaso para sa paglabag sa probation, wala akong karapatan sa paglilitis ng jury, pero may karapatan ako sa isang pagdinig sa harap ng hukom. [8]

PLEA

9. Nauunawaan ko na guilty o no contest ang plea ko at inaamin ko ang mga sumusunod na paglabag, nakaraang hatol, at sinasabing espesyal na parusa, kung saan nakasaad ang maximum na parusa sa ibaba. Kaya naman ☐ guilty ☐ no contest ang aking plea sa mga kaso at paratang na ito. (*Gamitin ang pahina 3 kung kinakailangan pa ng espasyo*) 9

Count	Kaso	Mga Nakaraang Kaso/Paratang	Maximum na Sentensya – Pagkakabilanggo/Multa

10. Nauunawaan ko ring kinasuhan ako para sa paglabag sa aking probation sa (Mga) Kaso Blg: _____ at malaya at boluntaryo kong inaamin ang (mga) paglabag sa probation. (*Gamitin ang pahina 3 kung kinakailangan pa ng espasyo*) 10

MGA KAHIHINATNAN NG PLEA

11. Nauunawaan ko na matatanggap ko ang sumusunod na sentensya: (*Gamitin ang pahina 3 kung kinakailangan ng higit pang espasyo*) 11
Probation: _____
Bilangguan sa County: _____
Mga Multa: _____
Restitution: _____
Pagpapayo, Mga Klase, at Programa: _____
Mga Protective Order: _____
Boluntaryong Gawain: _____
Paghihigpit, Pagsuspinde, o Pagbawi sa Lisensya sa Pagmamaneho: _____
Programa para sa Pagmamaneho Nang Nasa Impluwensya: _____
Iba Pang Kahihinatnan: _____
Wala nang iba pang ipinangako sa akin.

12. Nauunawaan ko na kung hindi ako mamamayan ng Estados Unidos, puwedeng magresulta ang hatol na ito sa pagkaka-deport, hindi pagtanggap sa Estados Unidos, o hindi pag-naturalize bilang mamamayan ng Estados Unidos. 12

13. Nauunawaan ko na ang ginawang plea sa kasong ito ay puwedeng maging batayan ng pagbawi ng probation o parole na dating ipinataw sa akin sa ibang kaso. 13

14. Nauunawaan ko na ang magiging hatol sa plea na ito ay puwedeng gamitin para mas pabigatin ang mga kaso at sentensya sa hinaharap. 14

15. Nauunawaan ko na hindi ako puwedeng tumanggap, bumili, magmay-ari, o magkaroon ng baril sa loob ng 10 taon. Kung mayroon akong pag-aari o nakatabing baril sa ngayon**,** dapat kong ilipat o i-dispose ang baril na iyon sa loob ng 30 araw. Ang hindi pagsunod sa seksyong ito ay puwedeng magresulta sa isang multa o pagkakabilanggo sa bilangguan ng county o bilangguan ng estado, o pareho. 15

16. Tinalakay ko na ang (mga) kaso, detalye, at posibleng pagtatanggol sa aking abugado. 16

17. Sumasang-ayon ako na puwedeng magpataw ang Hukuman ng restitution na naaayon sa batas para sa anumang count na madi-dismiss alinsunod sa plea bargain na ito. 17

18. Nauunawaan ko na may karapatan akong masentensyahan hindi bababa sa 6 na oras o hindi hihigit sa 5 araw pagkatapos ng aking plea. Isinusuko ko ang karapatang ito at sumasang-ayon ako na masentensyahan ngayon. 18

19. Nauunawaan ko na may karapatan akong mag-plea sa harap ng at masentensyahan ng hukom. Isinusuko ko ang karapatang ito at sumasang-ayon ako na mag-plea sa harap ng at masentensyahan ng sumusunod na komisyoner o pansamantalang hukomn: | 19 |

KARAGDAGANG PAHINA

9. (*Ipinagpatuloy mula sa pahina 2*)

Count	Kaso	Mga Nakaraang Kaso/Paratang	Maximum na Sentensya – Pagkakabilanggo/Multa

PERSONAL KONG NILAGYAN NG INISYAL ANG BAWAT ISA SA MGA KAHON SA ITAAS AT NAUUNAWAAN KO ANG BAWAT ISA SA MGA KARAPATAN AT KAHIHINATNAN

Ang aking totoo at tamang pangalan ay: (*i-print*) _____

Petsa: _____ ▶ _____
(LAGDA NG NASASAKDAL)

WAIVER AT PLEA PARA SA AKIN *(KUNG NAAANGKOP)*

1. Sa partikular, isinusuko ko ang aking karapatan na personal na mag-plea. Isinusuko ko ang aking karapatan na personal na makadalo sa pagpapataw ng sentensya. Isinusuko ko ang aking karapatan na personal na kausapin ang hukuman sa pag-mitigate ng anumang sentensyang puwedeng ipataw.
2. Sa pamamagitan nito, pinapahintulutan at dinidirekta ko ang aking abugado na si _____ na mag-plea ng ☐ guilty ☐ no contest para sa akin. Pinapahintulutan at dinidirekta ko rin ang aking abugado na i-waive ang panahon para sa pagsesentensya, at tanggapin ang sentensya, pati ang probation, sa ngalan ko at para sa akin.

Petsa: _____ ▶ _____
(LAGDA NG NASASAKDAL)

PAHAYAG NG ABUGADO

Ako ang abugadong nasa record ng nasasakdal. Nasuri ko na ang form na ito kasama ng aking kliyente, naipaliwanag ko na ang kanyang mga karapatan, at nasagot ko na ang lahat ng tanong ng aking kliyente kaugnay ng plea na ito. Tinalakay ko na ang impormasyon ng kasong ito sa aking kliyente, pati ang elemento ng (mga) paglabag na kinasuhan at ang anumang posibleng pagtatanggol at kahihinatnan ng plea na gulty o no contest, kasama ang mga kahihinatnan sa immigration kung naaangkop. Sinusuportahan ko ang pasya ng aking kliyente na i-waive ang kanyang mga karapatan at gawin ang plea na ito, at naniniwala akong ginawa ito ng aking kliyente nang may kabatiran, kaalaman, at sa boluntaryong paraan.

Petsa: _____ ▶ _____
(LAGDA NG ABUGADO)

PAHAYAG NG INTERPRETER *(KUNG NAAANGKOP)*

Pinapatunayan ko, _____, sa pamamagitan ng panunumpa o pagkakaroon ng nakasulat na oath, na ako mismo ang nagsalin ng form na ito (*lagyan ng check kung naaangkop*) ☐ at sa lahat ng iba pang kalakip, para sa nasasakdal sa wikang nakasaad sa ibaba. Nilagyan ng inisyal at nilagdaan ng nasasakdal ang (mga) form.
Wika: ☐ Spanish ☐ Iba pa (*isaad*): _____

Petsa: _____ ▶ _____
(LAGDA NG INTERPRETER)

MGA NAPAG-ALAMAN AT KAUTUSAN NG HUKUMAN

Napagpasyahan ng hukuman, pagkatapos suriin ang form na ito at ang anumang kalakip, at kuwestiyunin ang nasasakdal kaugnay ng mga karapatan sa ilalim ng saligang-batas at ng pag-amin sa (mga) nakaraang hatol, enhancement, at paglabag sa probation ng nasasakdal, na sadya, may kabatiran, at may kaalaman na isinusuko ng nasasakdal ang kanyang mga karapatan sa ilalim ng saligang-batas. Napagpasyahan ng hukuman na ginawa ang (mga) plea at pag-amin ng nasasakdal nang malaya at boluntaryo, nang nauunawaan ang uri at mga kahihinatnan nito, at na may aktwal na batayan ang (mga) plea. Tinatanggap ng hukuman ang (mga) plea ng nasasakdal, ang pag-amin ng nasasakdal sa (mga) nakaraang hatol, enhancement, at paglabag sa probation kung mayroon, at iniaatas na ilagay ang mga ito sa talaan at sa form na ito na naka-file sa kasong nakasaad sa itaas.

Petsa: _____ ▶ _____
(LAGDA NG:) ☐ Hukom ng Superior Court
☐ Komisyoner ☐ Pansamantalang Hukom